Bakit Kailangang Magpabakuna?

Para protektahan ang iyong sarili, ang iyong mga katrabaho, ang iyong mga pasyente, ang iyong pamilya, at ang iyong komunidad.

- Ang pagtatayo ng mga depensa laban sa COVID-19 sa pasilidad na ito at sa iyong komunidad ay isang team effort. At ikaw ay isang susing bahagi ng depensang iyon.
- Ang pagkakaroon ng bakuna para sa COVID-19 ay nagdaragdag ng isang layer ng proteksyon para sa iyo, sa iyong mga katrabaho, mga pasyente, at pamilya.

Narito ang mga paraan upang mabuo mo ang kumpiyansa ng mga tao sa mga bagong bakuna para sa COVID-19 sa iyong pasilidad, iyong komunidad, at sa tahanan:

- **Magpabakuna** at magpatala sa text messaging program ng **v-safe** upang tulungan ang CDC na masubaybayan ang kaligtasan ng bakuna.
- **Sabihin sa iba** kung bakit ka magpapabakuna at hikayatin silang magpabakuna.
- **Pag-aralan kung paano magkaroon ng mga talakayan** tungkol sa bakuna para sa COVID- 19 sa mga katrabaho, pamilya at mga kaibigan.